

NEW HEMTUBE(B)

NATIONAL BOWEL CANCER SCREENING PROGRAM

Mga tagubilin para sa pagkuha ng sample

Ang pagsusuring ito ay madali lamang gawin.

Mangyari lamang na maglaan ng oras upang basahin ang mga tagubilin at pahinang 10-12 ng Buklet Pang-impormasyon bago kumuha ng iyong sample. Ang pagkuha ng mga sample nang magkasunod kaagad hanggat maaari, wastong pagtatabi at pagbabalik kaagad sa mga ito para sa pag-aanalisa ay magtitiyak na wasto ang iyong resulta hanggat maaari.

HUWAG baguhin ang iyong diyeta o gamot.

Kailangan mo lamang na kumuha ng **katiting** na sample, isang pahid lamang sa dulo ng pansundol. Ito ay kailangang gawin mula sa **dalawang** hiwalay na pagdumi.

Ang pangalawang sample ay dapat kunin nang kasunod kaagad ng nauna at mas mabuti kung hindi tatagal nang magkahiwalay na 2-3 araw. Kung ikaw ay dumudumi nang mahigit sa isang beses sa isang araw, maaari mong kolektahin ang parehong sample sa araw ding iyon.

Ang mga sample ay ipapadala sa laboratoryo ng patolohiya para sa pag-aanalisa at ipapadala sa iyo at sa iyong doktor (kung may hinirang).

PAGHAHANDA

Ang inyong pakete ng sample ay dapat maglaman ng:

- | | |
|---|---|
| 1. Dalawang papel na kolektahan ng sample | de-zipper |
| 2. Dalawang pansundol – Sa plastic bag na may pansarang de-zipper (isang asul at isang pula) | 4. Dalawang etiketa |
| 3. Dalawang maliit na tubo para sa sample – Sa plastic bag na may pansarang | 5. Dalawang malaking tubong pambiyaha na may de-roskas na takip |
| | 6. Isang sobreng reply paid (asul) |

Ang iyong **pakete ng paanyaya** ay dapat na may kasamang **asul** na **Participant Details Form** (o pinipilas na slip sa ibaba ng iyong sulat).

Pakitiyak na tama ang mga detalye sa form na ito. **Kumplethohin ang mga form at ipadala ito kasama ang iyong mga sample.**

Huwag kumuha ng mga sample kung:


- mayroon kang mga almoranas na nagdurugo.
- may regla sa kasalukuyan o nasa ikatlong araw bago o matapos ito.
- may dugo ang iyong ihi o nakikita sa inidoro– dapat mong tawagan ang iyong doktor sa ganitong kaso.
- ikaw ay nagkaroon ng kondisyon sa bituka sa nakaraang 12 buwan na ginagamot sa kasalukuyan– kumunsulta sa iyong doktor kung hindi nakatitiyak.
- ikaw ay nakatakdang magpa-colonoscopy na nalalapit na panahon.

PAGKUHA NG MGA SAMPLE

Pagkuha ng unang sample

1. Umihi at pagkatapos ay i-flush ang toilet.
2. Ilagay ang papel na kolektahan, **nasa itaas ang imprenta**, sa ibabaw ng tubig sa loob ng inidoro. Ang papel na kolektahan ay malulusaw sa loob ng limang minuto ng pagkababad sa tubig.
3. Dumumi sa ibabaw ng papel - huwag mag-alala kung lumubog sa tubig - hindi nito maapektuhan ang pagsusuri.
4. Gamit ang pansundol, ibaon ang dulo nito sa idinumi at i-swipe ito sa kahabaan ng idinumi nang tatlong beses, tignan ang diagram C. Maaari mong gamitin ang **asul** o **pulang** pansundol para sa unang sample. ➡

Ganito lang ang dapat mong gawin sa pagkuha ng katiting na sample na kailangan sa pagsusuri – ang sobrang dami ng sample ay nangangahulugang hindi maisasagawa ang pagsusuri.



5. Itulak ang dulo ng pansundol sa butas na takip ng pangkolektang tubo, hanggang sa ito ay magklik.

HUWAG alisin ang pansundol matapos na ipasok ito.



Ilagay ang pansundol sa maliit na pangkolektang tubo.



Patuloy na itulak ang pansundol sa pangkolektang tubo hanggang sa magklik ito.

Para sa tulong sa pagkumpleto ng pagsusuri, mangyari lamang na tumawag sa 1300 738 365 (sa halaga ng lokal na tawag) sa pagitan ng 9n.u. at 5n.h. EST Lunes – Biyernes.

6. Isulat ang iyong mga detalye at petsa sa etiketa kung saan nakatukoy at pagkatapos ay idikit ito sa pangkolektang tubo gaya ng nakalarawan.



Nakalagay dapat sa etiketa ang apelyido, pangalan, petsa ng kapanganakan at petsa ng sample.



Idikit ang etiketa sa pangkolektang tubo at HINDI sa pambiyaheng tubo.

7. Ipasok ang pangkolektang tubo sa isa sa mga malaking pambiyaheng tubo na may takip na de-roskas at pagkatapos ay ilagay sa plasticbag na may pansarang de-zipper. **HUWAG** alisin ang bulak (cotton wool) mula sa tubo.

8. Ilagay ang plastic bag na may pansarang de-zipper na naglalaman ng sample sa isang **asul** na sobreng reply paid, at pagkatapos ay itabi sa pinakamalamig na bahagi ng iyong tirahan.¹ Ang reprihadora ay nagbibigay ng pinakamatatag na mga kondisyon para sa pagtatabi ng iyong sample at magbibigay ng pinakawastong resulta, ngunit **HUWAG ILAGAY SA FREEZER.**



Nakolektang sample na may tamang etiketa na inilalagay sa tubong pambiyahe.

Tandaan, ang pangalawang sample ay dapat kolektahin sa lalong madaling panahon kasunod ng unang sample at mas nanaisin kung hindi tatagal nang magkahiwalay na 2-3 araw. Kung ikaw ay dumudumi nang mahigit sa isang beses sa isang araw, maaari mong kolektahin ang parehong mga sample sa araw ding iyon.

Pagkolekta ng pangalawang sample

Ulitin ang 1-7 mga hakbang, gamit ang pangalawang pansundol, tubong pagkolekta at etiketa.

Ilagay ang pangalawang sample sa plastic bag na may pansarang de-zipper (sa loob ng **asul** na sobreng reply paid) at itabi sa pinakamalamig na bahagi ng iyong tirahan hanggang sa maaari mo na itong ihulog sa koreo. Mas mainam na ang paghuhulog sa koreo ay dapat gawin sa parehong araw ng pagkolekta ng pangalawang sample.

¹Mas mainam sa pagitan ng 2 at 10 degrees C.



Para sa tulong sa pagkumpleto ng pagsusuri, mangyari lamang na tumawag sa 1300 738 365 (sa halaga ng lokal na tawag) sa pagitan ng 9n.u. at 5n.h. EST Lunes – Biyernes.

BAGO IPADALA SA KOREO ANG MGA SAMPLE

1. KUMPLETOHIN, LAGDAAN at lagyan ng **PETSA** ang **asul** na form ng mga **(Participant Details Form)**.

(Tandaan: Kung ito ay isang **kapalit na kit**, mangyari lamang na punuan at ipadala ang pinipilas na slip sa ibaba ng iyong sulat kasama ng iyong mga sample).

2. Itsek kung inyong:

- namarkahan ang bawat maliit na tubo ng sample na nakasulat ang iyong pangalan, petsa ng kapanganakan at petsa ng sample;
- nailagay ang bawat isang maliit na tubo ng sample sa mas malaking tubong pambiyahe na may takip na de-roskas;
- nailagay ang parehong mga tubong pambiyahe na may takip na de-roskas (**na nagtataglay ng maliliit na mga tubo ng sample**) sa plastic bag na may pansarang de-zipper;
- nailagay sa plastic bag na may pansarang de-zipper sa sobrang reply paid;
- naisama ang nakumpletong **asul** na **Participant Details Form** sa sobrang reply paid; (Pakitandaan: kung ito ay isang kapalit na kit mangyari lamang na ipadala ang pinipilas na slip sa ibaba ng iyong sulat);
- naisara ang sobrang reply paid;
- nakumpleto ang mga detalye ng **Pangalan ng Nagpadala at Tirahan ng Nagpadala** sa sobrang reply paid kung saan nakatukoy; at
- nilagdaan ang **Deklarasyon** sa **harap** ng sobrang reply paid.

PAGPADALA SA KOREO NG MGA SAMPLE

Ipadala ang **asul** na sobrang reply paid sa lalong madaling panahon (mas mabuti, kung sa araw ng pagkokolekta ng pangalawang sample). Kung maaari, dalhin ang sobrang reply paid sa tanggapan ng Australia Post o ihulog ito sa buson sa loob ng tanggapan (sa halip na gamitin ang buson sa labas).

Mangyari lamang na tiyakin na itinabi mo ang iyong mga sample sa malamig na lugar hanggat maaari (mas nanaisin kung mas mababa sa 30 degrees C) at malayo sa direktang sikat ng araw habang dinadala sa tanggapan ng Australia Post o buson ng koreo.

PARA SA TULONG

Para sa tulong sa pagkumpleto ng pagsusuri tumawag sa FOBT Helpline sa **1300 738 365** sa pagitan ng 9.00n.u. at 5.00n.h. AEST Lunes – Biyernes.

Ang **Translating and Interpreting Service (TIS)** ay maaaring tawagan sa: **13 14 50**.

Ang isinaling mga tagubilin ay maaaring makuha sa:

- website ng National Bowel Cancer Screening Program:
www.cancerscreening.gov.au/internet/screening/publishing.nsf/Content/multilingual-information-1
- sa pamamagitan ng pagtawag sa Opisyal ng mga Komunikasyon sa **1300 738 365**.

Product Code No. 231418

Para sa tulong sa pagkumpleto ng pagsusuri, mangyari lamang na tumawag sa 1300 738 365 (sa halaga ng lokal na tawag) sa pagitan ng 9n.u. at 5n.h. EST Lunes – Biyernes.